

## Kabisaan ng learning activity sheets sa pagpapaunlad sa kasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang

Mauro L. Garcia, MAEd\*<sup>1</sup>, Dr. Reggie O. Cruz<sup>2</sup>  
<sup>1, 2</sup> Republic Central Colleges, Angeles City, Philippines  
Corresponding Author e-mail: [mauro.garcia@deped.gov.ph](mailto:mauro.garcia@deped.gov.ph)

Received: 27 February 2026

Revised: 30 March 2026

Accepted: 03 April 2026

Available Online: 06 April 2026

Volume 1 (2026), Issue 2, P-ISSN – 3116-3769; E-ISSN - 3116-3777

<https://doi.org/10.63498/injelps36>

### Abstrak

**Layunin:** Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang kabisaan ng paggamit ng *Learning Activity Sheets (LAS)* sa pagpapaunlad ng kasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral sa Ikawalong Baitang sa asignaturang Filipino. Sinuri rin ng pananaliksik kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral na gumamit ng LAS at ng mga gumamit ng Self-Learning Module.

**Metodolohiya:** Gumamit ang pag-aaral ng *quasi-experimental na disenyo* na may dalawang pangkat: eksperimental at kontrol. Ang mga kalahok ay binubuo ng 60 piling mag-aaral mula sa ikawalong baitang ng Angeles City National High School, kung saan 30 mag-aaral ang kabilang sa eksperimental na grupo at 30 naman sa kontrol na grupo. Ginamit ang *teacher-made test* bilang pauna at panapos na pagsusulit na dumaaan sa balidasyon ng mga eksperto sa Filipino upang matiyak ang pagiging maaasahan ng mga aytem. Ang eksperimental na grupo ay sumailalim sa paggamit ng Learning Activity Sheets sa loob ng dalawampung araw. Ang mga nakalap na datos ay sinuri gamit ang *t-test* upang matukoy ang pagkakaiba ng mga resulta ng pagsusulit.

**Resulta:** Ipinakita ng resulta ng pag-aaral na walang estadistikong makabuluhang pagkakaiba sa paunang pagsusulit ng eksperimental at kontrol na grupo. Gayunpaman, bagama't mas mataas ang mean score ng mga mag-aaral na gumamit ng Learning Activity Sheets, ipinakita ng pagsusuring estadistikal na ang pagkakaibang ito ay hindi estadistikong makabuluhan.

**Konklusyon:** Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, ipinapakita na ang paggamit ng Learning Activity Sheets ay maaaring magsilbing mabisang kagamitang panturo upang mapaunlad ang kasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral sa Ikawalong Baitang, partikular sa asignaturang Filipino.

**Mga Susing Salita:** *learning activity sheets, kasanayang pampagkatuto, ikawalong baitang, Filipino*

### PANIMULA

Nagdulot ng pinakamalaking pagkagambala at pasalansang epekto sa larang ng pagtuturo at pagkatuto ang COVID-19 sa daigdig, lalo na sa milyon-milyong mag-aaral, palibhasa, pansamantalang isinara ang mga paaralan upang matiyak ang kanilang kaligtasan. Bilang tugon, ang mga institusyong pang-edukasyon sa buong mundo ay bumuo ng mga bagong paraan upang maihatid ang mga programang pampagkatuto (Insorio & Macandog, 2022).

Kung susuriin, binago ng pandemiyang ito ang paraan ng paghahatid ng edukasyon sa Pilipinas mula noong mga huling kuwarter ng Panuruang Taon 2019-2020 at nagpapatuloy hanggang sa ngayon. Noon, ipinasya ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte na walang magaganap na face-to-face class sa Panuruang Taon 2020-2021. Kaugnay nito, inihayag ng Kalihim Leonor Briones ng Edukasyon na dapat maipagpatuloy ang edukasyon ng mag-aaral, alinsunod sa pamantayan ng Kagawaran ng Kalusugan (DOH) at ng World Health Organization (WHO). Maraming balakid ang nakita rito gaya ng limitadong teknolohiya at internet connectivity, ang pangangailangang gumamit ng mga bagong pamamaraan ng pag-aaral, pagbabago sa isang bagong normal, at ang epekto sa kalusugan ng isip ng mga empleyado ng Kagawaran ng Edukasyon, mga mag-aaral, mga stakeholder, at marami pang iba. Para naman sa Panuruang Taon

2020-2021, inilabas ang mga bagong learning delivery mode sa lahat ng antas na nakapaloob sa Learning Continuity Plan (LCP) ng Kagawaran ng Edukasyon upang masiguro ang pagpapatuloy ng edukasyon habang pinangangalagaan ang kalusugan, kaligtasan, at kagalingan ng lahat ng mag-aaral. Dahil dito, kinakailangang makibahagi ang bawat estudyante sa pag-aaral sa pamamagitan ng mga alternatibong paraan, anoman ang kanilang sitwasyon o kinaroroonan (Department of Education Order No. 12, s. 2020).

Bilang tugon sa problemang kinahaharap, ang distance learning ay pinatupad at isa itong paghahatid ng kaalaman o pagtuturo sa pamamagitan nang online means na siyang naisasakatuparan kahit na hindi pisikal na nagkikita ang guro at ang kanilang mga mag-aaral, ang pagkatuto ay maaaring mangyari o maganap sa online distance learning, modular distance learning, at mga pagtuturo na nakabatay sa TV at radyo (DepEd Order No. 12, s. 2020).

Sa Pilipinas, ang modyular na pagkatuto ang siyang pinakagamitin sa lahat ng pampublikong paaralan, dahil ayon sa sarbey na isinagawa ng Kagawaran ng Edukasyon, ang pag-aaral sa pamamagitan ng nakalimbag na modyul ang siyang mainam na paraan ng mga magulang. Ito rin ang pinakagamitin sa mga liblib na lugar kung saan ang *internet* ay hindi maabot o mahina para sa online na pag-aaral (Dangle & Sumaoang, 2020). Nagpatuloy hindi lamang sa mga pampublikong paaralan at maging sa ilang kaso ng pampribadong pampaaralan sa isang lalawigan na nanatiling may halong modyular ang paraan ng kanilang modalidad ng pag-aaral (De Leon, 2024).

Sa ilalim ng nasabing paraan ng pagtuturo, ang Kagawaran ng Edukasyon o DepEd ay nagpapatupad ng *Basic Education-Learning Continuity Plan* (BE-LCP), kabilang dito ang tuluyang pagbibigay ng mga kagamitang pampaaralan para sa mga mag-aaral bilang sagot sa maigting na pangangailangang ituloy ang edukasyon sa gitna ng makabagong panahon at suliraning kinahaharap ng ating bansa; dagdag pa rito ang pagsisigurong dapat ay ligtas ang bawat mag-aaral sa banta ng pandemya at matiyak ang pagkatuto nila gamit ang inihandang mga Learning Activity Sheet (LAS) at Self-Learning Module (SLM) (Department of Education Order No. 18, s. 2020).

Sa Lungsod ng Angeles, modular distance learning ang nailunsad upang maipagpatuloy ang edukasyon. Ito ang sagot sa suliranin ng makabagong modalidad ng pagkatuto na kung saan ang mga tagapagturo ay bumubuo ng tinatawag na LAS, ito ay kagamitang ginagamit ng mga guro na naglalaman ng mga tiniyak na aralin at mga may kaugnayang gawain sa paksang aaralin upang sa gayon ay mapabilis, mapaingting, at mapalalim ang pag-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ito ay sumasalig at ibinabatay sa itinakdang pamantayan ng Regional Memorandum na kung saan ang bawat LAS ay dapat na magkaroon ng hindi bababa sa apat na pahina upang ang mga pangunahing kaalaman at kasanayang kinakailangang mahatid sa bawat mag-aaral sa partikular na asignatura ay sistematikong maibigay.

Natatangi ang pag-aaral na ito sa kadahilanang magiging bahagi ng kaalamang pang-pedagohikal ang pagbibigay pansin sa mga LAS na gamitin ng mga guro lalo na sa wikang Filipino na hindi pa nabibigyang pansin sa mga nagdaang mga pag-aaral at ito ang nawawala sa mga pag-aaral nina Dangle at Sumaoang (2020). Mula sa mga kaganapang pandaigdig at pambansa at maging sa lokal na aspeto, malaking bahagi ang LAS na nararapat bigyang tuon sa pag-aaral lalo pa at mas mainam itong sipatin bilang bahagi ng paglilinang ng mga kagamitang pagtuturo sa Filipino na hindi pa nabigyan ng higit na pagsusuri mula sa pag-aaral ni De Leon (2024) na hindi binigyang pansin sa mas malalim na pag-aaral sa paggamit ng LAS bilang kagamitang pampagkatuto. Napakahalaga rin na bigyang pansin ang Baitang 8 sa dahilang maari pang mabigyan ng mas mahabang mga taon ng paglinang at maihabol pa ang mga kakulangang maaring gawin upang maging ganap ang kanilang pagkatuto na bahagi ng BE-LCP. Ang pag-aaral na ito ay magbibigay ng saysay at kabuluhan sa mga praktikal na isinasakatuparan ng kagawaran ng edukasyon sa konteksto ng pamamahala ng pambansang edukasyon sa Pilipinas mula sa pamantayan ng Department of Education Order No. 18, s. 2020 na tutulong na mabigyan ng karampatang mga datos sa paggamit ng LAS sa ibang uri ng mga mag-aaral.

### Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Ayon kay Tety (2016) na nagsagawa ng pananaliksik sa isang sekondaryang paaralan sa Tanzania, nalaman niya na ang mga binuong kagamitan na may kinalaman sa pagkatuto ay may malaking epekto at kontribusyon upang mapaunlad at mapahusay ang paraan ng paghahatid ng kaalaman ng isang guro at sa bawat pagtanggap ng kaalaman ng mga mag-aaral. Dahil sa resultang nabanggit, sinasabi na kailangang ipagpatuloy ang paggamit ng mga nasabing kagamitan. Dagdag pa roon na malaki ang itinutulong ng LAS para masukat nito ang kakayahan ng mga mag-aaral na gumamit ng kanilang *critical thinking skills* at mailapat ito sa kanilang pang-araw-araw na gawain.

Ito ay sinang-ayunan ng pag-aaral ni Lasca (2022), na nagpapatunay na ang paggamit ng LAS ay lubhang epektibo bilang kasangkapan sa mas malalim na pagkatuto ng bawat mga mag-aaral, dahil sa katotohanang malaking papel ang ginagampanan ng guro ukol dito. Dagdag pa niya, dahil sa ang nasabing kagamitan ay nakasandig sa

prinsipyong sayentipiko, naiibsan ang tungkulin ng gurong maging tagapagdaloy na lamang ng pagkatuto. Magkagayonman, aniya, dahil sa pangkalahatan ang tuon ng pagtuturo, hindi na nailalapat ang kasanayang paglutas sa problema, kaya mainam na magkaroon ng sapat na pansin sa pagsusuri sa problema ang bawat mag-aaral, kailangang isama sa pagpipilian na alternatibong solusyon, at kinakailangan na masusing tasahin ang posibleng resulta ng bawat tugon.

Batay kay Sejpal (2013), ang mga integrasyon ng mga kagamitang may kinalaman sa paghahatid ng kaalaman ay mayroong malaking epekto para mapaunlad at mahubog ang kakayahan, kaalaman, at kasanayan ng mga estudyanteng tinuturuan. Ang mga proseso at hakbang na pinili ng mga estudyante ay naisasagawa nila sa aktibong paraan na siyang nagbubunsod ng pagtaas at pagpapalakas ng kanilang tiwala sa sarili. Bukod pa rito, ang *modular distance learning* ay nagpapalawak ng kamalayan ng bawat mag-aaral ukol sa kanilang responsibilidad na mag-aral nang mag-isa at isagawa ang mga gawain sa kabila ng limitang pagkakataon ng guro na maghatid at magbigay ng direktang gabay para sa pagkatuto.

Dahil sa mga nabanggit, ayon kay Bartolome (2023), ang mga gawain na iaatas sa bawat mag-aaral ay dapat na angkop at wasto sa mag-aaral habang sinasaligan at ginawang batayan ang kanilang pansariling kakayahan nang sa ganoon ay mapaunlad ang kasanayang pampagkatuto, nang lalong mapaunlad ito at mapalakas ang kanilang pagsasaulo sa bawat paksa. Dagdag pa niya, ang mga kakulangan o/at kawalan sa mga kagamitang pampagtuturo, gaya ng sangguniang aklat, batayang aklat, manuwal, at modyul, ay malaking balakid sa ibayong pagkatuto. Kinakailangan na lubos at ganap na maiparating ng mga guro ang bawat mensahe ng kanilang aralin na magsisilbing pundasyon sa pagpapahusay ng mga kasanayang itinuturo ng bagong kurikulum.

Tinuran ni Tamoria (2016), kapuwa ang institusyong pangkarunungan at mga tagapagturo nito ay may malaking papel sa pagbuo ng mga kagamitang pampagkatuto, alinsunod sa mabilis na pagbabago ng mundo. Kaugnay nito, tulad nang isinasaad sa K to 12 Kurikulum, kailangang ang modyul, *self-learning kit*, at LAS ay nakahanay sa learning module (LM) at sa *most essential learning competencies* sa kinauukulang asignatura, tulad ng Filipino (Zamora, 2014).

Pinagtibay naman ito nina Bendoy at Labitad (2025) na nagsasabi na ang bawat mag-aaral ay kailangang makamit ang mga kasanayan at kaalaman na higit pa sa 12 taong dapat na pag-aralan sa at ito ay naglapangunahing edukasyon laman ng *21st century learning skills* na siyang kailangan ng bawat mag-aaral. Magkagayonman, sa sandaling panahon na pagpapatupad nito na ang naging resulta ay ang mahinang pagkakabuo ng modyul at mga kagamitang pampagtuturo, lumabas na mababa ang antas sa pagbasa ng mga nag-aaral.

Sa bahagi ng pag-aaral ng edukasyong pangwikang Filipino, isang malaking suliranin sa bahagi ng mga guro sa asignaturang Filipino ang paglilimbag ng kaalaman o pagtuturo sa mga paksang may kinalaman sa akdang pampanitikan, lalo na ang persepsyon at komprehensyon sa mga ito. Ayon kay Laureta et al. (2024), mahalagang aspekto sa interpretasyon ng mga nagbabasa ang estratehiya sa pagtuturo sa nasabing makrong kasanayan, kaya may epektong higit ito sa teknik na kanilang gagamitin sa pagpoproseso ng mga nakalimbag sa teksto.

Ayon naman kay Cuevas (2010), ang pagbabasang may pang-unawa ay nabubuo sa pamamagitan ng matalinong konstruksiyon nito, na dinisenyo upang tugunan ang literasiya, sa pamamagitan ng iba-ibang gawain na higit na nakaaakit sa mga nag-aaral. Ang mga nakuhang impormasyon sa pagbabasa ay magagamit nila upang makabuo ng muli ng mga kaalamang higit kaysa sa nabasa, kagaya ng paglaki ng tao, na nagsisimula sa pamamatuubay ng guro o magulang (Cho & Krashen, 2016).

Ang K to 12 Kurikulum at ang pamamahala nito ay may malaking gampanin upang maging mapayabong ang mga mag-aaral na kabilang sa ika-21 siglo, gamit ang pangunahing pangangailangang kasanayan sa buhay, na maaaring makatulong para sa pang-ekonomiya at panlipunang pag-unlad ng pamilya at ng komunidad. Higit ding malaki ang gampanin ng mga namumuno upang maging matagumpay ang pagkatuto (Adams et al., 2023).

## Sintesis

Dahil sa mga nabanggit na literatura at pag-aaral, sinubukan ng mananaliksik na bumuo ng interbensyon at pangklasrum na pag-aaral upang matukoy ang kapakinabangang dulot ng inihanda at pinagtibay na LAS sa Filipino na mula sa mga pag-aaral ay epektibo ito bilang isang kagamitang pantulong (Tety, 2016; Lasca, 2022; Tamoria, 2016). Higit din ang konsiderasyon sa nilalaman ng LAS sa Filipino na nararapat na isinakatuparan sa paglikha nito (Laureta et al., 2024; Cuevas, 2019; at Cho & Krashen, 2016). Isinasalang-alang din ang mga eksternal na salik na nararapat na may napapanahong kakayahan batay sa kasalukuyang siglo at liderato ng paaralan upang maging matagumpay ang alinmang pagkilos sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto (Labitad, 2025; Adams et al., 2023). Sa huli nararapat din na mabigyang pansin ang iba pang konsiderasyon sa paggawa ng LAS gaya ng kakayahan ng mag-aaral (Sejpal, 2013; & Bartolome, 2023). Samakatuwid ang pag-aaral na ito ay naging batayan ang mga nabanggit na literatura at pag-aaral upang maipagpatuloy ang mas malalim ng pag-aaral ng paggamit ng LAS sa pagtuturo bilang pantulong na kagamitan lalo na sa umiiral na pagbabago ng post-pandemiyang pagkatuto lalo na sa asignaturang Filipino.

### Teoretikal na Balangkas

Ang LAS ay isang kagamitang pampagtuturo na idinisenyo upang gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto, lalo na sa mga alternatibong pamamaraan tulad ng *modular distance learning*. Binubuo ito ng mga mahahalagang bahagi gaya ng pamagat na naglalaman ng asignatura, antas, linggo, at Most Essential Learning Competencies (MELC) code; layunin ng aralin; maikling introduksiyon; paunang pagsusulit; nilalaman ng aralin; mga aktibidad; pagtataya; repleksyon; at susi sa pagwawasto. Ang bawat bahagi ay may tiyak na tungkulin sa pagpapalalim ng kaalaman at kasanayan ng mag-aaral, habang sinisiguro na ang LAS ay naaayon sa mga MELC at sa patakaran ng DEPED na "karunungan para sa lahat," alinsunod sa Department Order no. 36, s. 2022. Sa pamamagitan ng LAS, nagkakaroon ng mas sistematikong daloy ng pagkatuto na maaaring isagawa ng mag-aaral nang mag-isa, habang pinananatili ang kalidad ng edukasyon sa kabila ng limitadong interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral.

Akma sa sitwasyong ito, ang konsepto ng Self-Directed Learning (SDL) na naging hindi lamang isang opsyon, kundi isang pangangailangan. Sa ilalim ng teoryang SDL, ang mag-aaral ang siyang "kapitan ng sariling barko." Sila ang nagtatakda ng kanilang layunin, naghahanap ng mga kagamitan (tulad ng modules at online resources), at sumusuri sa kanilang sariling pag-unlad. Noong panahon ng pandemya, ang mga silid-aralan ay napalitan ng mga *Google Classroom*, *Zoom*, at mga *printed modules*. Dahil hindi na katabi ng estudyante ang guro upang magpaalala sa bawat gawain, ang disiplina sa sarili ang naging susi upang hindi mapag-iwanan (Singaram, Naidoo, & Singh, 2022). Mula sa teoryang SDL, at pag-uugnay nito sa mga bahagi ng proseso sa isinagawang pananaliksik na ito, ang pagtataya sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanilang mga iskor sa paunang pagsusulit (pre-test) at panapos na pagsusulit (post-test). Ang paunang pagsusulit ay isinagawa bago ipatupad ang interbensyon upang masukat ang antas ng dating kaalaman ng mga mag-aaral sa paksa. Ito ay nagsilbing batayan sa pag-alam kung anong mga konsepto o kasanayan ang kinakailangang paigtingin sa tulong ng LAS. Samantalang ang panapos na pagsusulit ay isinagawa pagkatapos ng implementasyon ng interbensyon, upang matukoy kung nagkaroon ng pag-unlad sa kaalaman at kasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng paghahambing sa resulta ng dalawang pagsusulit, masusukat ang bisa ng LAS bilang pantulong na kagamitan sa pagkatuto. Ang prosesong ito ng pagtataya ay mahalaga upang magkaroon ng ebidensiyang empirikal na sumusuporta sa layunin ng pag-aaral na masukat ang epekto ng LAS sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Lalo na ang mga mag-aaral ng Baitang 8 ay nangangailangan ng higit na gabay sa kanilang pag-aaral at nasa kalagitnaan sila ng pagkatuto ng wika na higit na dapat bigyang tutok at pansin na sa pamamagitan ng LAS, makakaagapay sila sa takbo ng mga pangyayari at maipagpapatuloy ang pag-aaral anoman ang mga nakaambang pagkaambala.

### Konseptuwal na Balangkas

Ibinabatay at itinakdang saligan ng pananaliksik na ito ang itinatadhana ng Ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas 1987, Artikulo XIV, Seksyon 1, sa pagsasabing dapat na tiyakin at ipagmalasakit ng Estado ang karapatan ng bawat mamamayang Pilipino sa mahusay na edukasyon sa lahat ng antas sa pamamagitan ng pagsasakatuparan ng mga angkop at sapat na palatuntunan at gawaing titiyak sa ikapagtatamo nang gayong tunguhin.


Dahil sa nabanggit, tungkulin ng pamahalaang sikaping maitaguyod ang pag-aaral ng bawat mamamayang Pilipino sa anomang sitwasyon at pagkakataon, sa pamamagitan ng tiyak, makatuwiran, at makatutulong na pamamaraang pampagkatuto.

Ang tinurang kaisipan ay nakasandig sa paniniyak na Ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas 1987, Artikulo XIV, Seksyon 2, Pangungusap 2, na nagpapailanlang na sa anomang maaaring maging kadahilanan at pagkakataon, kailangang tiyakin ng Pamahalaan na makapagtatatag, makapagpapanatili, at makapagtutustos ito ng kumpleto, sapat, at matatag na sistemang pang-edukasyon na makaagapay sa pangangailangan ng bawat Pilipino kaya't itinatagubiling marapat na pag-ibayuhin ang di-pormal, ang impormal, ang katutubong pamamaraang pampagkatuto, ang palatuntunang pagkatuto sa sarili, sariling pag-aaral, at pag-aaral sa labas ng paaralan, lalo't tumutugon ito sa mga pangangailangan ng sambayanan (Artikulo XIV, Seksyon 2, Pangungusap 4).

Isa sa mahahalagang sangkap ng mga SLM ay ang tinatawag na LAS. Itinuturing ito bilang isa sa mga kagamitang pedagogikal na nagsisilbing pantulong sa pagpapalalim ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa bawat tiyak na aralin at alinsunod ito sa mga pamantayan ng K to 12 Kurikulum sa Batayang Edukasyon (Department of Education Order Blg. 036, s. 2021). Ang LAS ay binubuo ng mga gawaing nakatuon sa indibiduwal na pagkatuto, at dinisenyo upang mapagting ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa proseso ng kanilang sariling pagkatuto. Sa konteksto ng mga kalamidad, krisis, o iba pang sitwasyong nagdudulot ng pagkaantala sa regular na pagpasok sa paaralan, naging isa itong pangunahing alternatibong kasangkapan sa pagtuturo at pagkatuto (Department of Education Order Blg. 018, s. 2020). Bunga nito, napatunayan ng mga pag-aaral na ang LAS ay epektibong kagamitan

para sa pampagtuturo at instrumento sa pagpapatuloy ng pagkatuto, lalo na sa mga panahong limitado ang pisikal na interaksyon sa loob ng silid-aralan (Cantonjos & Janer, 2022).

Gagamitin ang kagamitang ito upang masagot ang hinihingi ng konseptuwal na balangkas batay sa talangguhit na makikita sa pag-aaral.



Talangguhit 1. Kabisaan ng *Learning Activity Sheets* sa Pagpapaunlad sa *Kasanayang Pampagkatuto* ng mga Mag-aaral sa Ikawalong Baitang

**Paglalahad ng mga Suliranin**

Napiling patunayan ang mga suliraning nalilining ng mga MELC alinsunod sa: (1) naiuugnay ang mahahalagang kaisipang nakapaloob sa mga karunungan-bayan sa mga pangyayari sa tunay na buhay sa kasalukuyan (F8P8-Ia-c-22); (2) nabibigyang-kahulugan ang mga talinghagang ginamit, eupemistiko o masining na pahayag na ginamit sa tula, balagtas, alamat, maikling kuwento, epiko ayon sa kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan (F8PT-Ia-c-19); (3) naisusulat ang sariling bugtong, salawikain, sawikain o kasabihan na angkop sa kasalukuyang kalagayan (F8PS-Ia-c-20); (4) nagagamit ang paghahambing sa pagbuo ng alinman sa bugtong, salawikain, sawikain o kasabihan - F8WG-Ia-c-17; (5) nakikinig nang may pang-unawa upang mailahad ang layunin ng napakinggan, maipaliwanag ang pagkakaugnay-ugnay ng mga pangyayari at mauri ang sanhi at bunga ng mga pangyayari (F8PN-Ig-h-22); (6) napauunlad ang kakayahang umunawa sa binasa sa pamamagitan ng: paghihinuha batay sa mga ideya o pangyayari sa akda, dating kaalaman kaugnay sa binasa (F8PB-Ig-h-24); (7) nagagamit ang iba't ibang teknik sa pagpapalawak ng paksa: paghahawig o pagtutulad, pagbibigay ng depinisyon, pagsusuri (F8PS-Ig-h-22); (8) naisusulat ang talatang binubuo ng magkakaugnay at maayos na mga pangungusap, nagpapahayag ng sariling palagay o kaisipan, nagpapakita ng simula, gitna, at wakas (F8PU-Ig-h-22); (9) nagagamit ang mga hudyat ng sanhi at bunga ng mga pangyayari (dahil, sapagkat, bunga nito, at iba pa (F8WG-Ig-h-22); (10) naibabahagi ang sariling opinyon o pananaw batay sa napakinggang pag-uulat (F8PN-Ii-j-23); (11) nabibigyang kahulugan ang mga salitang di maunawaan kaugnay ng mga hakbang sa pananaliksik (F8PT-Ii-j-22); (12) naipaliliwanag ang mga hakbang sa paggawa ng pananaliksik ayon sa binasang datos (F8PB-Ii-j-25); (13) nagagamit sa pagsulat ng resulta ng pananaliksik ang awtentikong datos na nagpapakita ng pagpapahalaga sa katutubong kulturang Pilipino (F8PU-Ig-j-23); at (14) nagagamit nang maayos ang mga pahayag sa pag-aayos ng datos (una, isa pa, at iba pa) (F8WF-Ii-j-23). Kasama sa pag-aaral na ito ang pamamahagi ng talatanungan sa mga mag-aaral na nasa Ikawalong Baitang ng Angeles City National High School (ACNHS). Matapos masagot ang talatanungan at makalap ang datos mula sa mga respondyente, isinagawa na mananaliksik ang pagtatasa sa mga impormasyon.

### **Pahayag ng Suliranin**

Ang patuloy na pagbabago sa sistema ng edukasyon, lalo na sa panahon ng pandemya, ay nagbigay-diin sa pangangailangan ng mga alternatibong kagamitang pampagtuturo upang mapanatili ang kalidad ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa ilalim ng modular distance learning, ang mga guro ay gumagamit ng iba't ibang kagamitang pampagkatuto tulad ng SLM at LAS upang mapadali ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga aralin. Gayunpaman, nananatiling hamon para sa mga guro kung alin sa mga kagamitang ito ang higit na epektibo sa pagpapaunlad ng kasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na sa asignaturang Filipino. Sa ilang pagkakataon, nahihirapan ang mga mag-aaral na maunawaan ang mga konseptong pampanitikan at pangwika kung ang mga kagamitang panturo ay hindi sapat na nakapupukaw ng kanilang interes at aktibong pakikilahok sa proseso ng pagkatuto.

Dahil dito, mahalagang suriin ang kabisaan ng paggamit ng LAS bilang alternatibong kagamitang pampagtuturo sa pagpapaunlad ng kasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral sa Ikawalong Baitang. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa resulta ng pauna at panapos na pagsusulit ng mga mag-aaral mula sa eksperimental at kontrol na grupo, layunin ng pag-aaral na matukoy kung ang paggamit ng LAS ay nakatutulong sa pagpapabuti ng kanilang pagganap sa asignaturang Filipino.

### **Mga Layunin ng Pag-aaral**

#### **Pangkalahatang Layunin**

Matukoy ang kabisaan ng paggamit ng LAS sa pagpapaunlad ng kasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral sa Ikawalong Baitang sa asignaturang Filipino.

#### **Mga Tiyak na Layunin**

1. Matukoy ang antas ng kasanayang pampagkatuto ng eksperimental at kontrol na grupo batay sa kanilang mga resulta sa pauna at panapos na pagsusulit.
2. Masuri kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral sa eksperimental at kontrol na grupo batay sa resulta ng kanilang pauna at panapos na pagsusulit.

#### **Mga Tanong sa Pananaliksik**

Hinahangad ng pag-aaral na sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kasanayang pampagkatuto ng eksperimental na grupo batay sa kanilang paunang pagsusulit?
2. Ano ang antas ng kasanayang pampagkatuto ng kontrol na grupo batay sa kanilang paunang pagsusulit?
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng paunang pagsusulit ng eksperimental at kontrol na grupo?
4. Ano ang antas ng kasanayang pampagkatuto ng eksperimental na grupo batay sa kanilang panapos na pagsusulit?
5. Ano ang antas ng kasanayang pampagkatuto ng kontrol na grupo batay sa kanilang panapos na pagsusulit?
6. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng panapos na pagsusulit ng eksperimental at kontrol na grupo?

#### **Haypotesis**

Walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral sa eksperimental at kontrol na grupo batay sa resulta ng kanilang pauna at panapos na pagsusulit.

#### **METODO**

##### **Disenyo ng Pananaliksik**

Gumamit ang mananaliksik ng quasi-experimental na disenyo ng pananaliksik sapagkat may dalawang grupo na ginamit sa kanyang pag-aaral (Capili & Anastasi,2024). Ginamit ang disenyong ito dahil pinaghambing ng dalawang pag-aaral na ito ang resulta ng pauna at panapos na pagtataya sa paggamit ng LAS upang maipakita kung mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang paggamit nito at matukoy kung may pag-unlad sa mga mag-aaral batay sa kanilang kasanayang pagkatuto.

## Populasyon at Sampling

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay ang mga piling mag-aaral na nasa Ikawalong Baitang ng Angeles City National High School. May kabuuang bilang na 30 na mag-aaral ang lumahok sa kontrol na grupo. Sila ang mga mag-aaral na ginamitan ng tradisyonal na pamamaraan o Self-Learning Module. Samantala, may kabuuang bilang na 30 na mag-aaral naman ang lumahok sa pangkat na eksperimental na ginamitan ng LAS. Sa kabuuan, may bilang na 60 na mga mag-aaral ang naging kalahok sa pag-aaral na ito. Dumaan naman sa pilot testing ang isang pangkat mula sa 34 na pangkat. Gumamit ng pag-aaral ng simple random sampling sa pamamagitan ng *random number generator*, nalaman kung alin sa mga pangkat ang dadaan sa pilot testing.

## Mga Instrumento

Ang pangunahing kasangkapang ginamit sa pananaliksik na ito ay dalawang *research developed* na pauna at panapos na pagsusulit, Learning Activity Sheet na kaakibat sa pagsusulit ang Talahanayan ng Ispesipikasyon (TOS). Bago ito ipinamahagi sa mga kalahok, ipinabalideyt muna ang mga pagsusulit sa Head Teacher, Assistant Principal at Master Teacher I sa Filipino mula sa sekondarya.

Dumaan sa pilot testing ang napiling pangkat mula sa random number generator. Naging katuwang ng mananaliksik ang guro sa Filipino nang nasabing pangkat. Ginamit na gabay sa pagsusulit upang matukoy ang mga kakulangan at pagkakamali sa talatanungan upang magawan ng kaukulang pagwawasto sa mga bahaging may nakitang mali.

Ang paunang pagsusulit at panapos na pagsusulit na ginamit sa pag-aaral ay binubuo ng 50-item na multiple-choice test. Ang sagot ng mga kalahok ay inanalisa gamit ang Cronbach's Alpha para malaman ang internal consistency at reliability ng mga aytems. Nagtamo ito ng 0.92 na computed reliability value na nangangahulugang magagamit ang mga pagsusulit sa klase.

## Pangongolekta ng mga Datos

Mula sa kabuuang populasyon na 60, lahat ng mga mag-aaral na lumahok sa paraang talatanungan ay sumailalim pa rin sila sa gabay at superbisyon ng kani-kanilang mga guro. Ipinaliwanag muna ng mananaliksik ang mga panuto sa bawat bahagi ng pagsusulit bago sinimulan ang pagsagot. Ang dalawang grupo ay sumailalim sa pretest at kalaunan pagkatapos ng paggamit ng mga LAS (pangkat eksperimental) at ang isa naman ay modyul na galing sa DEPED (pangkat kontrol) pagkatapos ng isang markahan ay nagdaos ng posttest upang maisakatuparan ang layunin na maikumpara ang mga marka bago at pagkatapos paggamit ng mga kagamitang panturo.

## Tritment ng mga Datos

Ang iskor ng mga kalahok sa isinagawang mga pagsusulit ay itinala gamit ang iba't ibang istadistikang pamamaraan. Upang maisalarawan ang antas ng kasanayang pampagkatuto ng mga kalahok ayon sa resulta ng mga isinagawang pagsusulit, ang mga sumusunod na iskala at deskripsyon ay ginamit:

Iskala	Deskripsyon
0 - 10	- Walang Kasanayan
11 - 20	- Kaunting Kasanayan
21 - 30	- Katamtamang Kasanayan
31 - 40	- Sapat na Kasanayan
41 - 50	- Mataas na Kasanayan

Upang malaman ang nararapat na istadistikang kagamitan upang maanalisa ng maayos ang mga datos, ang mga iskor ng mga kalahok ay isinalang sa normality testing gamit ang *Shapiro-Wilk Test*. Ayon sa resulta ng normality testing, ang p values ng mga nasa grupo ng eksperimental sa paunang pagsusulit ay ( $p = 0.739$ ), at ang panapos na pagsusulit ay ( $p = 0.258$ ); at ang nasa kontrol na grupo sa paunang pagsusulit ( $p = 0.568$ ), at panapos na pagsusulit ( $p = 0.88$ ) ay nagkasabing ang mga iskor ay normally distributed. Batay dito, ang mga istadistikang kagamitan na frequency, percentage, mean, standard deviation, minimum, at maximum ay ginamit upang maipresenta ang antas ng kasanayang pampagkatuto ng mga kalahok.

Ang Independent Sample t-Test ay ginamit upang malaman ang makabuluhang pagkakaiba ng mga antas ng pampagkatuto ng mga kalahok sa eksperimental at kontrol na grupo batay sa kanilang iskor sa pauna at panapos na pagsusulit. Samantala, para malaman ang makabuluhang pagkakaiba ng pauna at panapos na pagsusulit ng mga kalahok, ang Paired t-Test ay ginamit. Ang p value na equal o mas mababa sa 0.05 ay itinuturing na may mahalagang pagkakaiba.

## Etikal na Konsiderasyon

Binanggit din sa mga kalahok na tatlong taon pagkatapos ng isinagawang pag-aaral ay buburahin lahat ng mga datos na may kaugnayan sa pag-aaral. Ang mga kalahok ay may karapatang malaman ang naging resulta ng pananaliksik sa oras na matapos ang isasagawang pag-aaral.

Dumaan sa tamang proseso ang mananaliksik sa pangangalap ng datos sa isinagawang pag-aaral. Kumuha ng *ethics clearance* mula sa *Research and Development Center* ng *Republic Central Colleges* ang mananaliksik. Humingi ng kaukulang pahintulot sa Tagapamanihalang Pansagay ng Dibisyon sa lungsod ng Angeles na makapagdaos ng pangongolekta ng datos sa mga mag-aaral ng *Angeles City National High School*. Sunod na humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa punongguro ng paaralan upang maisagawa ang pangangalap ng datos. Matapos ang pagbibigay ng pahintulot ng punongguro sa mananaliksik, humingi naman ng pahintulot ang mananaliksik sa mga tagapayo ng mga mag-aaral hinggil sa nasabing gawain. Dagdag pa rito, hiningi rin ng mananaliksik ang pahintulot ng mga magulang na mapasama sa mga kalahok sa pag-aaral ang kani-kanilang mga anak. Bago sinimulan ang pag-aaral, ipinaliwanag ng mananaliksik ang kahalagahan ng kanilang pakikilahok sapagkat ang magiging resulta ng pag-aaral ay makatutulong sa mga mag-aaral gamit ang learning activity sheets sa pagpapaunlad sa pampagkatuto ng mga mag-aaral. Tiniyak na ang paglahok ng mga mag-aaral ay kusang-loob o boluntaryo, kung saan ay may karapatang hindi lumahok at maaaring bawiin ang pasya ng mga kalahok sa oras na magbago ang isip at desisyon ng mga mag-aaral o magulang. Binanggit ng mananaliksik na walang anumang halagang babayaran at hindi rin tatanggap ng insentibo o pabuya sa paglahok.

Dagdag pa rito, ang mga datos na makukuha sa pagsagot ay walang magiging kaugnayan sa alinmang asignatura ng mga mag-aaral. Bukod dito, ipinaunawa ng mananaliksik sa mga mag-aaral na maaari silang makadama ng inip o pagkabagot habang sinasagutan nila ang pagsusulit. Pinayuhan sila ng mananaliksik na sa oras na madama o maranasan ng mga mag-aaral ang mga nabanggit ay maaari silang tumigil at huwag nang magpatuloy sa pagsagot. Gayonpaman ay inabisuhan ang mga kalahok na mababa lamang ang posibilidad na sila ay mapinsala sa pagsagot. Tiniyak ng mananaliksik na ang pagkakakilanlan ng mga kalahok ay mananatiling confidential at walang anumang bahagi ng personal na datos ng mga mag-aaral ang mababanggit sa anumang kapamaraan bilang pagsunod sa Data Privacy Act of 2012. Wala ring makaaalam ng kanilang paglahok sa pananaliksik.

## RESULTA AT DISKUSYON

### Antas ng Kasanayang Pampagkatuto ng Eksperimental na Grupo Batay sa Paunang Pagsusulit

Ang antas ng kasanayan ng mga kalahok sa eksperimental na grupo batay sa paunang pagsusulit na may malaking bilang ng mga kalahok na nasa antas ng katamtamang kasanayan (18 o 60%), na sinundan ng mga kalahok na may kaunting kasanayan (11 o 36.7%). Mayroon ding isa o 3.3% na kalahok ang naitala na walang kasanayan. Ang kabuuang iskor sa kasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang ay may pinakamababang iskor na sampu, pinakamataas na 30, na may mean na 21.47 at SD na  $\pm 4.15$  na nagpapakita na ang dispersyon ng iskor mula 17.32 hanggang 25.62. Ang dispersyon na ito ay nasa braket ng may kaunting kasanayan hanggang sa may katamtamang kasanayang pampagkatuto ang mga kalahok.

### Antas ng Kasanayang Pampagkatuto ng Kontrol na Grupo Batay sa Paunang Pagsusulit

Ang antas ng kasanayan ng mga kalahok sa kontrol na grupo batay sa paunang pagsusulit ay may malaking bilang ng mga kalahok na katamtaman ang kasanayan (25 o 83.3%). Samantala, may apat o 13.3% ang naitala na may kaunting kaalaman, at mayroon din namang isa o 3.3% na kalahok ang may sapat na kasanayan. Ang kabuuang iskor sa kasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang ay may pinakamababang iskor na 15, pinakamataas na 31, na may mean na 23.43 at SD na  $\pm 3.58$  na nagpapakita na ang dispersyon ng iskor mula 19.85 hanggang 27.01. Ang dispersyon na ito ay nasa braket ng may kaunting kasanayan hanggang sa may katamtamang kasanayang pampagkatuto.

### Pagkakaiba sa Pagsusulit sa Antas ng Kasanayang Pampagkatuto ng mga Kalahok na nasa Kontrol at Eksperimental na Grupo batay sa Paunang Pagsusulit

Grupo	N	Mean	Std. Deviation	Std. Error Mean
Eksperimental	30	21.47	4.150	0.758
Kontrol	30	23.43	3.588	0.655

Grupo	N	Mean	Std. Deviation	Std. Error Mean
Eksperimental	30	21.47	4.150	0.758

Levene's Test for Equality of Variances		t-test for Equality of Means					95% Confidence Interval of the Difference		
	F	Sig.	T	Df	Sig. (2-tailed)	Mean Difference	Std. Error Difference	Lower	Upper
Equal variances assumed	0.519	0.474	-1.963	58	0.054	-1.967	1.002	-3.972	0.038
Equal variances not assumed			-1.963	56.814	0.054	-1.967	1.002	-3.973	0.039

Ang resulta ng pagkukumpara sa iskor ng mga kalahok sa eksperimental at kontrol na grupo gamit ang *Independent Sample t-Test* ay nailahad sa talahanayan. Ayon sa resulta, walang makabuluhang pagkakaiba sa iskor ng mga kalahok sa paunang pagsusulit ng mga nasa eksperimental at kontrol na grupo na may  $t(58) = -1.963$ ,  $p = .054$  at 0.05 level of significance. Ipinapakita rin sa resulta na walang makabuluhang pagkakaiba sa paunang pagsusulit ng eksperimental na grupo ( $\mu = 21.47$ ,  $\sigma = \pm 4.150$ ) at sa kontrol na grupo ( $\mu = 23.43$ ,  $\sigma = \pm 3.588$ ) ng mga kalahok na may difference na  $\mu = -1.967$ ,  $\sigma = \pm 1.002$ .

#### Antas ng Kasanayang Pampagkatuto ng Eksperimental na Grupo Batay sa Panapos na Pagsusulit

Ang antas ng kasanayan ng mga kalahok sa eksperimental na grupo batay sa panapos na pagsusulit ay may malaking bilang ng mga kalahok na sapat ang naging kasanayan (22 o 73.3%). Mayroong naitalang walo o 26.7% na may katamtamang kasanayan. Ang kabuuang iskor sa kasanayang pampagkatuto ng mga kalahok matapos bigyan ng interbensyon gamit ang LAS ay may pinakamababang iskor na 21, pinakamataas na 40, at may mean na 31.77 at SD na  $\pm 4.74$  na nagpapakita na ang dispersyon ng iskor mula 27.03 hanggang 36.51. Ang dispersyon na ito ay nasa braket ng may katamtamang kasanayan hanggang sa may sapat na kasanayang pampagkatuto.

#### Antas ng Kasanayang Pampagkatuto ng Kontrol na Grupo Batay sa Panapos na Pagsusulit

Ang antas ng kasanayan ng mga kalahok sa kontrol na grupo batay sa panapos na pagsusulit ay naitalang may katamtamang kasanayan (15 o 50%), na sinundan ng may sapat na kasanayan (12 o 40%). Mayroon din namang isa o 3.3% na kalahok ang naitala na may mataas na kasanayan, subalit may dalawa o 6.7% ang may kaunting kasanayan. Ang kabuuang iskor sa kasanayang pampagkatuto ng mga kalahok matapos bigyan ng interbensyon gamit ang self-learning module ay may pinakamababang iskor na 13, pinakamataas na 42, mean na 28.90 at SD na  $\pm 6.49$  na nagpapakita na ang dispersyon ng iskor mula 22.42 hanggang 35.39. Ang dispersyon na ito ay nasa braket ng may katamtamang kasanayan hanggang sa may sapat na kasanayang pampagkatuto.

## Pagkakaiba sa Pagsusulit sa Antas ng Kasanayang Pampagkatuto ng mga Kalahok na nasa Eksperimental at Kontrol na Grupo batay sa Panapos na Pagsusulit

Paired Group	Mean	N	Std. Deviation	Std. Error Mean
Pauna	21.47	30	4.150	0.758
Panapos	31.77	30	4.747	0.867

Paired Group	Paired Differences					T	df	Sig. (2-tailed)
	Mean	Std. Deviation	Std. Error Mean	95% Confidence Interval of the Difference				
				Lower	Upper			
Pauna - Panapos	-10.300	6.109	1.115	-12.581	-8.019	-9.235	29	<.001**

\*\* . Difference is significant at the 0.01 level (2-tailed)

Ang resulta ng pagkukumpara sa iskor ng mga kalahok sa pauna at panapos na pagsusulit ng mga kalahok sa eksperimental na grupo gamit ang paired t-test ay nailahad. Ipinakita ng resulta na may makabuluhang pagkakaiba sa iskor ng mga kalahok sa paunang at panapos na pagsusulit ng eksperimental na grupo,  $t(29) = -9.235$ ,  $p < .001$ , sa 0.01 sa level of significance. Ipinapakita rin ng pagsusuri na ang mean ng paunang pagsusulit ( $\mu = 21.47$ ,  $\sigma = \pm 4.150$ ) ay mas mababa kumpara sa mean ng panapos na pagsusulit ( $\mu = 31.77$ ,  $\sigma = \pm 4.747$ ), na may difference na ( $\mu -10.300$ ,  $\sigma = \pm 6.109$ ).

Paired Group	Mean	N	Std. Deviation	Std. Error Mean
Pauna	23.43	30	3.588	0.655
Panapos	28.90	30	6.493	1.185

Paired Group	Paired Differences					T	df	Sig. (2-tailed)
	Mean	Std. Deviation	Std. Error Mean	95% Confidence Interval of the Difference				
				Lower	Upper			
Pauna - Panapos	-5.467	4.932	0.900	-7.308	-3.625	-6.071	29	<.001**

\*\* . Difference is significant at the 0.01 level (2-tailed)

Ang resulta ng pagkukumpara sa iskor ng mga kalahok sa pauna at panapos na pagsusulit ng mga kalahok sa kontrol na grupo gamit ang Paired t-test ay nailahad. Ayon sa resulta ng pagsusuri na may makabuluhang pagkakaiba sa iskor ng mga kalahok sa paunang at panapos na pagsusulit ng kontrol na grupo,  $t(29) = -6.071$ ,  $p < .001$ , sa 0.01 sa level of significance. Ipinapakita rin ng datos na ang mean ng paunang pagsusulit ( $\mu = 23.43$ ,  $\sigma = \pm 3.588$ ) ay mas mababa kaysa sa mean ng panapos na pagsusulit ( $\mu = 28.90$ ,  $\sigma = \pm 6.493$ ), na may difference na  $\mu -5.467$ ,  $\sigma = \pm 4.932$ .

Ang pangunahing dahilan sa pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito ay ang kakulangan ng sapat at angkop na kagamitang panturo sa asignaturang Filipino sa nabanggit na baitang at paaralan. Sa layuning matugunan ang suliraning ito, nilayon ng pananaliksik na makabuo ng mga LAS na nakabatay sa aktuwal na pangangailangan at obserbasyon sa kahinaan ng mga mag-aaral. Inaasahang magsisilbi ang mga kagamitang ito bilang epektibong pantulong sa pagtuturo at pagkatuto upang mapalawak ang kaalaman at mapalalim ang kasanayan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Sa unang pagsusulit ng eksperimental at kontrol na grupo lumabas na parehong may pasadong iskor at hindi nalalayo ang performance rating ng dalawang pangkat. Batay sa kinalabasan ng isinagawang pag-aaral, natukoy na walang estadistikong makabuluhang pagkakaiba sa paunang iskor ng dalawang pangkat. Ipinakita ng datos na ang

mga kalahok mula sa parehong grupo ay may taglay na limitadong kasanayan hanggang sa antas ng katamtamang kasanayang pampagkatuto bago ang isinagawang interbensyon.

Sa kabilang banda, sa pagsusuri ng resulta ng panapos na pagsusulit ng mga mag-aaral mula sa eksperimental na grupo, lumitaw na karamihan sa kanila ay nagpakita ng sapat na antas ng kasanayang pampagkatuto. Natukoy rin na matapos mailapat ang interbensyon sa pamamagitan ng LAS, ang bilang ng mga mag-aaral na may pinakamababang naitalang iskor ay bumaba sa dalawampu't isa (21) na lamang. Ang resultang ito ay sumusuporta sa pag-aaral nina Indriani & Ananda (2024) kung saan sa nasabing pag-aaral ay napatunayan nilang ang LAS na kanilang binuo ay mahalaga at kapaki-pakinabang sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral. Bukod pa rito, ang paggamit ng LAS ay nagbunga ng mas mainam na kinalabasan sa pagkatuto at higit na mataas na antas ng akademikong pagganap ngunit batay sa istatistikal na resulta, sa panapos na pagsusulit ay hindi nagbigay ng makabuluhang pagkakaiba. Datapwat sa pananaliksik na isinagawa ni Hammond (2021), na nagpapatunay na ang mga LAS na nasa pinakasimpleng anyo ay nakapagpapasigla sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto habang hinihikayat nito ang isang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa mas interaktibong paraan. Naitala naman sa kontrol na grupo matapos isagawa ang panapos na pagsusulit na malaki ang bilang ng mga mag-aaral ang may katamtamang kasanayang pampagkatuto batay sa mga respondyente. Matapos isagawa ang interbensyon gamit ang self-learning module ay naitala ang pinakamataas na iskor na 42 at pinakamababang iskor ang 13. Ang mga Self-Learning Module ay nagpapataas ng tagumpay at tumutulong na panatilihin ang nilalaman sa mas mahabang panahon dahil dito makikita ang pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa self-learning modules.

Nagbigay ang modyul ng mga angkop na paraan upang matulungan ang mga mag-aaral na ipagpatuloy ang kanilang edukasyon at mailapat ang kanilang mga natutuhan batay at ayon sa kanilang sariling antas. Maliban sa nabanggit, ang mga modyul ay epektibo at katanggap-tanggap ayon sa mga tagasuri ng guro dahil tinutugunan nito ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspekto ng kanilang pagkatuto. Ang mga mag-aaral ay maaaring gumamit ng dating kaalaman upang pag-aralan kung ano ang mga modyul na may kaugnayan sa mga lugar kung saan kailangan pa nilang matuto nang higit pa. Ipinapahiwatig na naisip ng mga tagasuri ang modyul ay lubhang kapaki-pakinabang sa kurso at pinabilis ang pagkatuto ng mga mag-aaral (Benito, Bantulo, at Haudar, 2022). Malaking implikasyon nito sa pagtuturo sapagkat sinisipat ang mga estratehiya batay sa katugunan ng pangangailangan ng mga mag-aaral sa kagamitang naaayon sa kondisyong pang-eksternal ng mga mag-aaral gaya ng mga hindi inaasahang pangyayari gaya ng salik pangkapaligiran, pangsosyal at pang-ekonomiko.

Lumabas sa panapos na pagsusulit ng eksperimental at kontrol na grupo na kapwa tumaas ang kanilang iskor sa kasanayang pampagkatuto matapos ang isinagawang interbensyon. Batay sa nakuhang mean ng dalawang grupo, makikitang mas mataas ang naging marka ng mga mag-aaral sa eksperimental na grupo kumpara sa kontrol na grupo. Gayunpaman, ipinakita ng pagsusuring estadistikal na ang pagkakaibang ito ay hindi estadistikong makabuluhan. Ipinahihiwatig nito na bagama't nagpakita ng mas mataas na antas ng pagganap ang mga mag-aaral na gumamit ng Learning Activity Sheets (LAS), ang pagtaas ng marka ay hindi sapat upang maipakitang may malinaw na pagkakaiba sa pagitan ng dalawang pangkat. Gayunpaman, ang pagtaas ng mga marka sa parehong grupo ay nagpapakita na ang paggamit ng mga kagamitang pampagkatuto, tulad ng LAS at Self-Learning Module, ay maaaring makatulong sa pagpapaunlad ng kasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral. Sinusuportahan naman ito ng pag-aaral nina Garcia at Cruz (2013) na nagsasaad na ang paggamit ng Learning Activity Sheets ay maaaring magkaroon ng positibong implikasyon sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Dahil dito, nananatiling mahalaga ang paglinang at pagpapayaman ng mga instructional materials tulad ng LAS sa pagtuturo ng Filipino upang higit na matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto.

Dagdag pa rito, ang pagsusuri sa nakalap na datos mula sa paunang pagsusulit ng mga kalahok mula sa parehong grupo ay muling nagpapatunay na walang makabuluhang pagkakaiba sa kanilang antas ng kasanayang pampagkatuto. Ang magkatulad na resulta sa pagitan ng eksperimental at kontroladong grupo ay nagpapahiwatig na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagpapaunlad ng kasanayang pampagkatuto ng mga kalahok. Sa kabilang banda, ang datos batay sa resulta naman na lumabas sa pagkakaiba ng pagsusulit sa antas ng kasanayang pampagkatuto ng mga kalahok ng nasa eksperimental at kontrol na grupo batay sa pauna at panapos na pagsusulit ay wala rin makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng dalawang grupo dahil sa 0.01 na lebel na pagkakaiba.

Batay sa kabuuang resulta ng isinagawang panapos na pagsusulit hinggil sa pagpapaunlad ng kasanayang pampagkatuto, lumitaw na kapwa nakapagtamo ng pagtaas sa marka ang mga mag-aaral na gumamit ng LAS at ng mga mag-aaral na gumamit ng Self-Learning Module (SLM). Ipinahihiwatig ng resultang ito na epektibo ang paggamit ng LAS at SLM bilang mga kagamitang panturo sa pagpapalawak at pagpapaunlad ng kasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral. Ang integrasyon ng LAS sa proseso ng pagkatuto ay napatunayang nakatutulong upang matugunan ng mga mag-aaral ang iba't ibang aspeto ng kanilang mga akademikong gawain, gayundin sa pagpapalalim ng kanilang pag-unawa, kasanayan, at kaalaman sa iba't ibang disiplina. Ang nasabing kasanayang pampagkatuto ay kaugnay hindi

lamang ng intelektwal na aspekto, kundi pati na rin ng emosyonal, sosyal, at kultural na pag-unlad ng mga mag-aaral halintulad ng pagpapahalaga sa kulturang Pilipino, at kritikal na pag-iisip maging anoman ang kanilang gulang o antas ng pagkatuto na may malaking implikasyon sa implementasyon ng kurikulum at gayondin sa praktika sa edukasyon.

Ang pananaliksik na ito ay ibinabatay sa pagsusuri ng lakas at kahinaan sa pang-akademikong pagganap ng mga mag-aaral na ayon kay Astrand et al. (2003), ang mga kagamitang panturo na may malinaw na estruktura at ang layunin nito ay magkaroon ng positibong impluwensiya sa interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral. Naging mahalagang sangkap ang pagsasagawa ng iba't ibang gawain sa pamamagitan ng LAS at SLM sa paghubog ng mataas na antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa mga pagtataya.

Ang naging resulta ng pag-aaral na ito na matagumpay na maisakatuparan ng mananaliksik ang layuning makabuo ng mga angkop na LAS para sa mga mag-aaral sa ikawalong baitang ng paaralan. Ang mga kagamitang ito ay maaaring magsilbing alternatibong panturo sa mga pagkakataong hindi makadadalo ang guro sa klase o kaya naman ay sa pagkakataong lumiban ang isang mag-aaral sa loob ng matagal na panahon; sa pamamagitan nito, napalalawak ang oportunidad para sa patuloy at makabuluhang pagkatuto sa kabila ng anumang hadlang sa regular na interaksyon sa loob ng silid-aralan.

Ang parehong grupo ay nagpakita ng makabuluhang pagtaas sa kanilang marka mula pretest hanggang posttest, ngunit walang estadistikong makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang grupo. Bagama't mas mataas ang mean score ng mga mag-aaral na gumamit ng LAS, ipinakita ng pagsusuring estadistikal na ang pagkakaibang ito ay hindi makabuluhan. Ipinahihiwatig nito na ang LAS at SLM ay parehong maaaring magsilbing epektibong kagamitang pampagkatuto.

### Kongklusyon

Batay sa kabuuang resulta ng pag-aaral, natukoy na ang mga mag-aaral sa parehong eksperimental at kontrol na grupo ay nagpakita ng pag-unlad sa kanilang kasanayang pampagkatuto matapos ang isinagawang interbensiyon. Bagama't walang estadistikong makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang pangkat sa pauna at panapos na pagsusulit, ipinakita ng mga datos na posibleng gamitin ang LAS at SLM sa pagpapabuti ng pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino at isang opsyonal na kagamitan ang LAS sa mga iba pang pansuportang gamit sa klase.

Ipinahihiwatig ng resulta na ang paggamit ng LAS ay maaaring magsilbing isang alternatibong kagamitang pampagtuturo na makatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga aralin. Ang mga gawaing nakapaloob sa Learning Activity Sheets ay nagbigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na makibahagi nang mas aktibo sa proseso ng pagkatuto at mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagbasa, pagsusuri, at kritikal na pag-iisip.

Sa kabuoan, ang pag-aaral ay nagbibigay ambag sa larang ng pagtuturo ng Filipino sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa kahalagahan ng mga makabuluhang kagamitang pampagkatuto na maaaring gamitin ng mga guro upang mapahusay ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa loob ng silid-aralan.

### Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod na mungkahi ay inilahad:

1. Maaaring ipagpatuloy ng mga guro ang paggamit ng Learning Activity Sheets bilang isang alternatibong kagamitang panturo upang makatulong sa pagpapalalim ng kasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.
2. Maaaring hikayatin ng mga punongguro at tagapamahala ng paaralan ang mga guro na magdisenyo at gumamit ng iba't ibang makabagong kagamitang pampagkatuto na makatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga aralin.
3. Maaaring magsagawa ang mga curriculum developers at tagapagdisenyo ng kagamitang panturo ng karagdagang pag-aaral hinggil sa pagbuo at ebalwasyon ng mga Learning Activity Sheets upang higit na mapahusay ang kanilang bisa sa proseso ng pagkatuto.
4. Maaaring isaalang-alang ng mga institusyong pang-edukasyon ang integrasyon ng digital o elektronikong Learning Activity Sheets bilang bahagi ng makabagong estratehiya sa pagtuturo sa ika-21 siglo.
5. Maaaring magsagawa ang mga susunod na mananaliksik ng mga katulad na pag-aaral sa ibang asignatura, antas ng pag-aaral, o institusyong pang-edukasyon upang higit pang mapalawak ang kaalaman hinggil sa bisa ng Learning Activity Sheets sa iba't ibang konteksto ng pagtuturo at pagkatuto.

#### MGA SANGGUNIAN

- Adams, D., Namoco, S. O., Ng, A. Y. M., & Cheah, K. S. L. (2023). Leading schools during a pandemic and beyond: Insights from principals in the Philippines. *Management in Education*. 0(0).  
<https://doi.org/10.1177/08920206231177375>
- Astrand, P. O., Rodahl, K., Dahl, H., & Stromme, S. (2003). Textbook of work physiology: Physiological bases of exercise. Human Kinetics. <https://archive.org/details/textbookofworkph000unse>
- Bartolome, D.J. (2023). Spiral progression approach in teaching mathematics: Its implementation in the public secondary school. *Quantum Journal of Social Sciences and Humanities*. 4(3), 81-100.  
<https://doi.org/10.55197/qjssh.v4i3.226>
- Bendoy, C.J. & Labitad, G. (2025) Assessment of 21st century skills in social science courses among college students. *International Journal for Multidisciplinary Research (IJFMR)*. 7(3), 1-21.  
<https://www.ijfmr.com/papers/2025/3/46427.pdf>
- Benito, S., Bantulo, J., & Haudar, F. (2022). Effectiveness of self learning modules (SLM) in teaching mathematics 3. *International Journal of Recent Research in Thesis and Dissertation (IJRTD)*. 3(1), 33-45.  
<https://doi.org/10.5281/zenodo.6497186>
- Cantonjos, J. & Janer, S. (2022). Effectiveness of utilizing learning activity sheets to improve the solving skills involving sampling distribution of Grade 11 students. *United International Journal for Research & Technology*, 3(8), 53-59. <https://uijrt.com/paper/effectiveness-utilizing-learning-activity-sheets-improve-solving-skills-involving-sampling-distribution-grade11-students>
- Capili, B., & Anastasi, J. K. (2024). An Introduction to Types of Quasi-Experimental Designs. *The American journal of nursing*, 124(11), 50–52. <https://doi.org/10.1097/01.NAJ.0001081740.74815.20>
- Cho, K. S., & Krashen, S. (2016). What does it take to develop a long-term pleasure reading habit. *Turkish Online Journal of English Language Teaching*, 1(1), 1-9.  
[https://www.sdkrashen.com/content/articles/2016\\_cho\\_and\\_krashen\\_long-term\\_reading.pdf](https://www.sdkrashen.com/content/articles/2016_cho_and_krashen_long-term_reading.pdf)
- Cuevas, J. A. (2010). Applied cognition in reading: An analysis of reading comprehension in secondary school students. Unpublished Dissertation. Georgia State University.  
[https://www.academia.edu/24790386/Applied\\_Cognition\\_in\\_Reading\\_An\\_Analysis\\_of\\_Reading\\_Comprehension\\_in\\_Secondary\\_School\\_Students?hb-sb-sw=31069309](https://www.academia.edu/24790386/Applied_Cognition_in_Reading_An_Analysis_of_Reading_Comprehension_in_Secondary_School_Students?hb-sb-sw=31069309)
- Department of Education (2020). DepEd order no. 12 Series 2020 Adoption of the Basic Education Learning Continuity Plan for School Year 2020 – 2021 in light of the Covid – 19 Public Health Emergency”.  
[https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/06/DO\\_s2020\\_012.pdf](https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/06/DO_s2020_012.pdf)
- Department of Education (2020). DepEd order no. 18, s. 2020. Policy guidelines for the provision of learning resources in the implementation of the Basic Education Continuity Plan. [https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/08/DO\\_s2020\\_018.pdf](https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/08/DO_s2020_018.pdf)
- Department of Education (2002). DepEd order no. 36, s. 2022. Education For All (EFA) 2015 plan preparation.  
[https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2002/08/DO\\_s2002\\_036.pdf](https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2002/08/DO_s2002_036.pdf)
- Dangle, Y. R. P., & Sumaoang J. D. (2020). The implementation of modular distance learning in the Philippine secondary public schools. *3rd International Conference on Advanced Research in Teaching and Education*.  
<https://www.doi.org/10.33422/3rd.icate.2020.11.132>

- De Leon, P. (2024). Disruption and the quality of instruction during the COVID-19 pandemic: The case of a catholic school in Hermosa, Bataan, Philippines. *International Journal on Open and Distance e-Learning*. 10(2). <https://ijodel.upou.edu.ph/ijodel/article/view/243/323>
- Garcia, M. T., & Cruz, J. R. (2013). Mastery level and experiences of Grade 12 students in using simplified Learning Activity Sheets of selected competencies in Pagsulat sa Filipino sa Piling Larang. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, 43(7), 863–869. <https://doi.org/10.70838/pemj.430704>
- Hammond, J. M. (2021). Effectiveness of utilizing learning activity sheets to improve the solving skills involving sampling distribution of grade 11 students. *United International Journal for Research and Technology*.(3)8, 53-59. <https://uijrt.com/articles/v3/i8/UIJRTV3I80007.pdf>
- Indriani, U. & Ananda, R. (2024). Development of problem-based learning-based student worksheet to improve mathematical problem solving ability in rows and rows material. *Desimal: Jurnal Matematika* 3(1), 95-102. [https://www.researchgate.net/publication/399389702\\_Development\\_of\\_problem-based\\_learning-based\\_student\\_worksheet\\_to\\_improve\\_mathematical\\_problem\\_solving\\_ability\\_in\\_rows\\_and\\_rows\\_material](https://www.researchgate.net/publication/399389702_Development_of_problem-based_learning-based_student_worksheet_to_improve_mathematical_problem_solving_ability_in_rows_and_rows_material)
- Insorio, A. O., & Macandog, D. M. (2022). Video lessons via YouTube channel as mathematics interventions in modular distance learning. *Contemporary Mathematics and Science Education*, 3(1), 1-9. <https://doi.org/10.30935/conmaths/11468>
- Lacsa, M. E. B. (2022). Learning Activity Sheets (LAS) and the English Achievement of Grade 8 Students. *International Multidisciplinary Research Journal* 4(1), 38-44. <https://www.ioer-imrj.com/wp-content/uploads/2022/03/Learning-Activity-Sheets-LAS-and-the-English-Achievement-of-Grade-8-Students.pdf>
- Laureta, M.S., Monterubio, M.M., Moreno, R.A., Romano, J. & Suarez, D. (2024). Paggamit ng makrong kasanayan at makabagong kagamitan na makatutulong sa pagkatuto ng wikang Filipino ng mag-aaral. *Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research*, 3(2). <https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasgbcjpmra/article/view/13506>
- Sejpal, K. (2013). Modular method of teaching. *International Journal for Research in Education*. 2(2). [https://www.raijmr.com/ijre/wp-content/uploads/2017/11/IJRE\\_2013\\_vol02\\_issue\\_02\\_29.pdf](https://www.raijmr.com/ijre/wp-content/uploads/2017/11/IJRE_2013_vol02_issue_02_29.pdf)
- Singaram, V. S., Naidoo, K. L., & Singh, S. (2022). Self-Directed Learning During the COVID-19 Pandemic: Perspectives of South African Final-Year Health Professions Students. *Advances in medical education and practice* 13(1), 1–10. <https://doi.org/10.2147/AMEP.S339840>
- Tamoria, F. V. (2016). Extent of Technology Integration in Mathematics Teacher Education Among State Institutions in Central Luzon. *AsTEN Journal of Teacher Education*, 1(1). <https://doi.org/10.56278/asten.v1i1.148>
- Tety, J. L. (2016). Role of instructional materials in academic performance in community secondary schools in Rombo district. Masters thesis, The Open University of Tanzania. <https://repository.out.ac.tz/1829/>
- Zamora, N. C. (2014). Pagtataya sa modularisasyon ng K-12 sa asignaturang Filipino:Tungo sa pagbuo ng modelo ng ebalwasyon para sa kagamitang panturo na tutugon sa ika-21 siglong kasanayan. *The Normal Lights*. 10(2), 207-236. <https://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/view/260/163>